## Chapter 7

Mikaya's POV

Hanggang ngayon ay iniisip ko pa rin ang mga binitawang salita ni Justine. Gusto kong maging masaya dahil makalipas ang apat na taon handa niya pa rin akong tanggapin kasama ang anak ko. Pero hindi ganun kadali ang lahat dahil marami ng nagbago. Life is not easy as it seems.

Katatapos lang akong ayusan ng make up artist na hinire ni Mommy para sa aming dalawa. We have an event to attend, hindi ko na pala isasama si Sky dahil baka abutin lang siya ng antok sa event medyo late pa naman yun matatapos. Kasama din pala namin si kuya Mandy at si Daddy. Ang sabi ni Mom it was a celebration para sa pagiging business partners ng dalawang kumpanya. Sa totoo lang, ayokong umattend ng event na ito pero makulit si Daddy kaya naman wala akong choice. Ipapakilala daw niya ako sa mga shareholders at business partners ng aming kumpanya. Mabuti na lang talaga at pupunta din ang pamilya ni Bea Anne dahil isa ang pamilya nila sa shareholder ng aming kumpanya.

"You look stunning."

Nakangiting bati sa akin ni Mommy ng mapansin niyang sinisipat ko ang aking sarili sa salamin. I'm wearing a silver long gown na may mataas na slit sa right legs ko. V-neck dress ito kaya bahagyang nakikita ang aking cleavage. This gown looks good on me. It really emphasizes how sexy my body is. Kahit na nanganak ako ay parang wala namang nagbago.

Muli akong umikot sa harap ng salamin pagkatapos ay lumabas na ako. Lahat sila ay ready at ako na lang ang hinihintay. Lumabas na kami ng bahay at sumakay ng sasakyan. Hindi naman kami naipit sa traffic dahil hindi naman rush hour ngayon.

Habang nasa byahe ay kinontak ko kaagad si Bea Anne. Tinatanong ko kung nasa event na ba sila. Pero hindi pa rin siya nagrereply. So, I guess I need to stay where my family table is.

Pagpasok namin ay marami ng tao sa loob. Nagpalinga linga ako at hinahanap ang pamilya ni Bea Anne dahil wala naman akong ibang kilala sa event na ito maliban sa kanila.

Habang naglalakad ay sinalubong kami ng buong pamilya ng fiance ni Justine, sila nga pala ang business partners ng aming kumpanya. They started to greet each other habang ako ay pangiti ngiti lamang. Pinipilit na makihalubilo sa kanila.

"So, you are the daughter of Mr. and Mrs. Dizon. Tama ba ako?"

Gulat na tanong ng matandang lalaki, siguro ay lolo siya ng fiance ni Justine and I think I have seen him somewhere, hindi ko lang masyadong maalala kung saan.

"Yes sir, I am Architect Mikaya Dizon."

Nakangiti kong sambit sa kanya.

Nakita ko kung paano magulat ang aking pamilya ng sabihin kong architect ako. Hindi siguro nila inaasahan yun. Five months after kong manganak kay Sky ay bumalik ako sa pag-aaral. I spent one

year and half para makapagtapos ako. After kong makatapos at makapasa sa board exam nagsimula akong ipursue ang passion ko, ang pagpipaint. Madalas akong sumali sa mga art exhibit noon, and then one time nabigyan ako ng opportunity na magkaroon ng sariling exhibit. I spent almost a year para mabuo lahat ng paintings na kailangan ko, and luckily that exhibit become successful. Lahat ng naipon ko mula sa art exhibit na yun ay ginamit ko para makapag simula ng sarili kong cafe na ngayon ay may limang branches.

"Ngayon ko lang nalaman your daughter is an architect. Mikaya, your name seems familiar. I think I already met you somewhere else. Saan nga ba yun? Oh I remember now sa isang art exhibit, you painted that masterpiece 'Mi Corazon' that's the title of the painting."

Kaya naman pala pamilyar siya. He's the one who buy that particular painting.

"Yes sir, that's me."

Nakangiti ko pa ring sagot sa kanya. Two years ago na yung art exhibit na yun pero hanggang ngayon ay naaalala pa rin niya. He's good at remembering things kahit na maedad na.

After noon ay marami pang kumausap sa akin, they became interested in my life ng malaman nilang painter ako. Na air kasi ang art exhibit na yun sa t.v. noon pero hindi ako nagpakilala. That time I was too afraid na baka mahanap ako nila Mommy kaya naman I did my best to hide kung nasaan man ako.

"Excuse me lang po ah."

Magalang na paalam ko sa mga babaeng kausap ko dahil naiihi na

ako.

I asked someone kung saan ang powder room kaya naman mabilis akong naglakad papunta doon. Pagpasok sa loob ay walang ibang tao kaya naman mabilis akong pumasok sa isa sa mga cubicle at umihi. After I clean myself ay lumabas na ako at nag decide na iretouch ang make up ko.

I was looking at myself in the mirror when someone came in. It was Justine's fiance. She started to fix her lipstick. What's her name again? Oh that's Isabelle, she's wearing a gold long gown na backless ang likod.

"So you're back, it's for good na ba?"

Is she talking to me? I mean wala namang ibang tao sa loob ng powder room kundi kaming dalawa lang.

Napaawang ang labi ko ng magsalita siya. She's talking to me casually but it's okey.

"Maybe, it's a yes."

Maikling sagot ko sa kanya.

"So you are not sure. Come on Mikaya, let's be honest here. Siguro may hinihintay ka pang bumalik sayo? As if may balak siyang balikan ka."

Mariing sambit niya pagkatapos ay humarap siya sa akin.

"What are you talking about?"

Naguguluhang tanong ko sa kanya.

"Si Justine, akala mo siguro babalikan ka pa niya. After what you've done, akala mo siguro he's the same man that you love before. The man whose head over heels in you. Let me tell you one thing huh, before you came back we are planning to get married so you better back off, baka masaktan ka lang. Kung ako kasi sayo dapat hindi ka na lang bumalik dito. I mean we are all better here kahit wala ka. Hindi ka naman kailangan dito."

Pagkatapos ay lumabas na siya, naiwan akong tulala. Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa mga sinabi niya. She's right dapat hindi na lang ako bumalik dito. Hindi ko na dapat ginugulo pa si Justine ngayon, he's actually fine without me.

Comments Support